# NILULUNASAN ANG TAGGUTOM SA MAYNILA, ANI GUINTO

Ipinagtanggol ni Gobernador Militar Leon G. Guinto ang kanyang pangasiwaan sa Maynila sa pagsasabing "hindi ako natutulog" nang magsalita siya sa harap ng 300 punongnayon, pangulong pangpook at patnubay ng mga samahang pangkapitbahay sa Tundo noong Martes ng hapon.

"Nilulunasan ang kahirapan ng Maynila. Hindi ako papayag na malupig tayo sa ating pakikidigma sa gutom," ang tahas na sabi ng Alkalde. "Ginawa ko at ginagawa ang lahat ng maaaring gawin. Iyan ang sanhi kung bakit ako'y nasa piling ninyo, at nagtitiis din ng gutom na katulad ninyo sa sahod na ₱500 isang buwan. Madali ang umiwas sa tungkulin at magpayaman sa Buy and Sell, nguni't iyan ay hindi namin binalak kailan man."

**Isang ultimatum ng Gobernador Militar Guinto ang ipinadala sa mga pinuno ng mga himpilan ng Pulisia upang linisin ang mga tabingdaan at liwasan ng Siudad sa mga mesa ng pagkain, mesa ng sugalan at naglisaw na naglalako ng mga lumang kasangkapan. Ang pinuno ng Pulisiang hindi makagawa ng paglilinis sa takdang panahon ay papalitan at pipigilin sa tungkulin sa loob ng 15 araw.**

"Ang pagkain ng isang angaw na tao at kalahati sa Maynila," ang patuloy ni Alkalde Guinto, "ay siyang tanging suliranin sa pagkain ng Republika. Sa mga lalawigan ay walang tagsalat o krisis, at tumbalik sa dati, ang mga taga-lalawigan ay siyang mariwasa ngayon. Walang nagtitiis ng hirap kungdi tayong mga taga-Maynila."

Kanyang sinabi na ang Pangulong Laurel ay may malaking malasakit sa kapakanan ng bayang Maynila, kaya ang pamahalaang pangbansa ay siyang naguna sa paghanap ng mga kaukulang lunas. Sa pasimula ay itinatag ang *Food Administration*, sumunod ang BIBA, ang NADISCO at NAFERCO, nilikha ang *Economic Police* at mga MCCA, at nitong huli'y ang Ministerio ng mga Suliraning

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

## TIG ₱10 AT ₱12 DIN ANG NIYOG KAHIT MAY UTOS ANG ALKALDE; 20,000 SINAMSAM NG PULISIA

Patuloy din ang halaga ng niyog sa Maynila sa ₱10 at ₱12 ang isa. Isang kinatawan ng *Republic* ang naglibot noong Biernes at Sabado sa ibaibang pamilihan ng Siudad, gayon din sa mga ilog na tinitigilan ng mga kasko ng niyog sa Tetuan, Divisoria at Reina Regente, at tumawad pa rin sa ilang kariton ng niyog na inilalako sa mga lansangan, at siya'y sinagot ng "Sa Laguna at Tayabas ka makabibili ng niyog na tig-₱3".

Samantala, ipinatalastas ng City Hall noong Sabado na ang Konstabularia Metropolitana ay nakasamsam nang 20,000 niyog na ipinagbibili nang mataas sa tatlong piso. Pagkasamsam, ang mga niyog na ito ay ipinagbili ng pangkat sa kabuhayan ng Pulisia sa halagang itinakda ng Gobernador Militar ng Maynila.

Napansin na ang unang bisa ng ganitong hakbang ay hindi ang pagkamura ng niyog, kungdi ang biglang pagkawala ng niyog sa lahat ng panig ng Siudad. Noong Sabado at Linggo ay walang natagpuang nagtitinda ng niyog saan man.

Upang masugpo ang labis na panghuhuthot sa niyog, ipinagutos ni Gobernador Militar Guinto na ang niyog ay ipagbili sa Maynila nang tig-₱3 at bawa't tao ay makabibili nang hanggang anim na niyog. Kasabay nito ay inatasan ni G. Guinto ang Pulisia na manmanan ang pamilihan ng niyog at samsamin ang lahat ng itinatanging ipagbili sa halagang kanyang itinakda.

Sa loob ng dalawang araw, ang kinatawan ng *Republika* ay nabigo sa kanyang paglilibot upang bumili ng niyog na tig-₱3. Kung hindi siya turingan nang tig-₱10 at ₱12, ayon sa laki ng niyog, ay sinasabi ng may-ari na nabili na o hindi ipinagbibili. Ni ang mga tindahan ng MCCA ay walang tindang niyog, at ang mangilangilang mayroon ay ayaw ibigay sa ₱3, pagka't mataas umano ang kanilang puhunan.

Nakita ng kinatawan ng *Republic* na ano mang utos sa pagpapababa ng halaga ng mga pangunang kailangan sa Siudad ay dapat sabayan ng totohanang pagpapatupad, at kung hindi ay mananatiling utos lamang na nakasulat sa papel.

## ₱500,000 Na Inilaan Ng Kapariz Sa Piling Kabataan Ng Bansa

Isang paligsahang pangbansa sa paghirang ng mga kabataang namumukod sa katalinuhan, kalusugan at kakayahan sa mga gawaing bokasional ang itataguyod ng Kapariz at pinaglaanan ng ₱500,000 ukol sa mga pagpapaaral, gantingpala at iba pang kailangang gugulin.

Ang malawak na palatuntunan na naglalayon ng pagpapaunlad ng kabataang pilipino ay inihanda at iniharap ni Ministro Camilo Osias ng Pagtuturo na siya ring pangulong pangbansa ng Kapariz, at pinagtibay naman ng Pangulong Jose P. Laurel. Ang malaking halagang inilaan sa kilusang ito ay tutustusan ng ₱500,000 na handog ni Embahador Murata sa Republika ng Pilipinas.

Ang palatuntunang itinagubilin ni Ministro Osias na kapagtitibay pa lamang ay sumasaklaw sa isang malaking gawaing pangbansa na naglalayong "bungkalin ang diwang pangbansa at paunlarin ang ulirang kabataan—mga pilipinong tigib ng pagkamakabayan at puspos ng kabaitan" nang alinsunod sa huwarang buhay ni Rizal.

Ipinalalagay na ang magdudulot ng malaking kasiglahan sa kilusang ito ng mga kabataan sa buong bansa ay ang pagkakaroon ng uring paligsahang panglahat sa pagpili ng mga namumukod na kabataang lalaki't babai sa bawa't lalawigan at siudad, na gagantingpalaan nang tig-₱1,000, gayon din ang pagpili pa ng mga karapatdapat na batang lalaki't babaing pagaaralin sa Maynila, sa gugol ng Kapariz, sa loob ng apat na taon.

Ang palatuntunan ng dakilang paligsahang ito ay naglalaan din naman ng mga gantingpalang sa-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

### ABALA SI GNG. LAUREL SA PAGTULONG SA DUKHA

Ilang araw na iniukol ni Gng. Jose P. Laurel at ng kanyang mga anak ang kanilang panahon sa mga gawain sa pagtulong sa mga mahihirap ,gaya ng paghahanda ng damit at pagkaing ipinagkaloob sa mga balo at ulila ng digma, sa mga hikahos at iba pang tangkilik ng mga samahan sa kawanggawa.

Si Gng. Laurel ay tumulong sa mga kilusan ng Konseho ng Kababaihan, Kawanihan ng Kababaihan ng Kalibapi, at iba pang samahan ng mga babai sa Maynila.

## TALUMPATI NG PANGULO

## INIHAYAG NI LAUREL ANG BALANGKAS NG NAGSASARILING BAGONG PILIPINAS

***(Karugtong ng talumpati ng Pangulong Jose P. Laurel na binigkas sa pagdiriwang sa kaarawan ng pagsasarili ng Pilipinas noong ika-14 ng Oktubre)***

Malapit na kaugnay ng produksiyon at pagtitipon ay ang suliranin ng sasakyan. Tungkol dito ay nagkusa na naman ang Pamahalaan sa pamamagitan ng Kagawaran ng Gawaing-bayan at Pahatiran, at nagtatag ng "Land and Maritime Transportation Company" o "Samahan ng Sasakyan sa Lupa at sa Dagat." May mga sasakyan nang nagyayao't dito sa Gitnang Luson at binabalak sa kasalukuyan ang pagpapalawak sa dakong hilaga at timog.

Mangyari pa, ang isang pinanukalang kabuhayan ay maitataguyod lamang sa pamamagitan ng isang pamamaraan ng pagtatakda at pangangasiwa o kontrol na buong husay na isinasagawa at ligtas sa masasamang palakad. At sapagka't ang Pamahalaan ay siyang kinakailangang mangasiwa at magpabisa sa pamamaraang yaon, ay nararapat na ang tauhan ng pamahalaan ay papagtaglayin ng isang mataas na uri ng kahusayan, kalinisang-loob at katapatan sa tungkulin, bukod pa ang karangalang-asal o moralidad ng mga naglilingkod sa bayan. Pinasimulan ko ang isang masaklaw at masinsinang paglilinis sa Pamahalaan, lalo na sa kanyang mga sangay na may tuwirang kaugnayan sa pagpapatupad ng mga pamalakad sa kontrol o pangangasiwa. Ang gawain tungod dito ay naging lalong madali sa pamamagitan ng pagkakaloob ng batasan ng mga kapangyarihang pangkagipitan sa Punong Tagapagpaganap at sa tulong na ibinibigay ng Kawanihan ng Pagsisiyasat na aking nilikha

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

## "Genuwine" TAYOTAYOISMO

**Masasabing napanuto ang pagrarasion ng mga pangunang kailangan ng dating NARIC at PRIMCO sa pamamagitan ng mga pinuno ng mga samahang pangkapitbahay. Lahat ng mamamayan sa Maynila ay kasapi ng mga samahang ito, kaya bawa't maganak ay tumatanggap noon ng kaukulang rasion.**

**Nang matatag ang BIBA at NADISCO ay sinasabing nagsimula naman ang pagtatangitangi at kaguluhan. Halos bawa't kagawaran at kawanihan ng pamahalaan ay tuwirang kumuha at namahagi ng rasion ukol sa kanikanyang mga pinuno't kawani, at marami sa mga ito ang patuloy pa ring kumukuha ng rasion mula sa mga kinaaanibang MCCA. May ilang samahang pangpamahalaan na itinatag sa layong mangalap, humanap, magtipon at mamili ng mga pagkaing maipamamahagi sa bayan, sa puhunan ng pamahalaan, na ang nabibili't nakakalap ay halos sapatsapat lamang na ipangrasion sa kanilang mga kawani at maliit na pulutong ng mga kaibigan.**

**Bunga nito ay di kakaunting panahon, papel, panggatong at gawain ang nasasayang, na nangangahulugan ng dagdag na pagkaaksaya ng salapi ng gobierno at ng bayan. Bukod sa riyan ay lumilikha ito ng di kasiyahan ng madla, pagka't nakikitang lagi nang "nauuna" at "mahusay" ang rasion ng mga taongpamahalaan.**

**Yamang ang tanang mamamayan ay kaanib ng mga samahang pangkapitbahay, at sa Maynila ay may sapi naman sa MCCA, naniniwala kaming dapat matiwala sa isang institusion at maalinsunod sa isang pamamaraan na lamang ang pagrarasion ng mga pangunang kailangan sa lahat, iya'y sa pamamagitan nga ng mga samahang pangkapitbahay. Ang labis na agap ng maraming tanggapan at pinuno ng pamahalaan, upang tuwirang makakuha at mabahagihan ng rasion ang kanikanilang mga tauhan, ay sadyang magaling para sa kanilang mga tauhan, nguni't nakapipinsala sa bayan sa kabuuan, at bumubuhay sa isinusumpa at dapat nang itakwil na *tayotayoismo* sa pamahalaang pilipino. (30)**

## Tiwala Si Laurel Sa Tibay Ng Asia

Makapagtitiwala ang mga lahi sa Asia sa pangwakas na pagkatatag ng angkan ng mga bansa sa dakong ito ng daigdig na buklod ng matibay na pagkakapatiran, sinabi ng Pangulong Jose P. Laurel sa kanyang talumpati ukol sa ikasangtaon ng Magkakalakip ng Pahayag ng mga Bansa sa Lalong Malaking Silangang Asia na binigkas sa Malakanyang at ikinalat ng radio sa buong daigdig noong Lunes ng gabi.

Ang nagkakaisa, malaya at masaganang Lalong Malaking Silangang Asia, ayon sa Pangulong

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

### ₱200,000 ANG PUHUNAN NG MCCA EXCHANGE INC.

May puhunang ₱200,000, ang MCCA Exchange Inc., samahan sa pangangalakal na itinatag ng mga manadyer ng mga Samahan sa Pagtutulungan sa Maynila, ay naghalal ng kanyang lupon pamunuan noong Huebes. Ang nahalal ay sina: Mateo Herrera, pangulo at tagapangasiwang panglahat; Pedro Casimiro, ingatyaman; Julio C. Poblete, kalihim; Ricardo H. Sevilla, Juan P. Juan, Guillermo Ronquillo, Gng. C. P. Syquia, Crispin S. Gonzales, Lorenzo Onrubia at Enrique Rimando, mga kagawad.

### NAHALAL ULI SI FDR

Madaling tinalo ng Pangulong Franklin D. Roosevelt ang kanyang katunggali sa panguluhan ng Estados Unidos na si Gobernador Thomas Dewey ng New York, sa halalan noong ika-7 ng Nobiembre, ayon sa isang pahatid-kawad ng *Domei*. Ito ang ikaapat nang pagkakahalal kay Roosevelt, kaya siya'y magsisimula sa 16 na taong paninirahan sa Gusaling Puti.

## Sugpuin Ang Gulo Iniutos Ni Sison

Agarang pagsugpo sa mga pagbabangon at kaligaligan at mabigat na parusa sa mga dapat managot ang ipinagutos ni Ministro Teofilo Sison ng mga Suliraning Pangloob, sa kanyang pahatid-kawad sa lahat ng komisionado at gobernador ng mga purok na Militar sa Pilipinas.

Si Ministro Sison ay siyang punong kinatawan ng Pangulo at inspektor heneral ng ley marcial, kaya nasa mga kamay niya ang mahalagang gawain sa pangangalaga ng kapayapaan at kaayusan sa buong bansa .

Ipinagunita ng Ministrong Pangloob na ang pagtataksil sa Republika ay lalapatan ng parusang kamatayan o pagkabilanggong habang buhay.

"Ang sino mang tao, na may kautangang pagtatapat sa Republika ng Pilipinas, at hindi isang dayuhan," ayon sa patalastas ni Ministro Sison, "na lumaban sa kanya o makisanib sa kanyang mga kaaway, tumulong at magbigayluwag sa kanila, ay magkakasala ng pagtataksil, at parurusahan nang pagkabilanggong habang buhay at magmumulta nang hindi hihigit sa ₱20,000."

## "Handa Ako Sa Labanan," Yamasita

Si Heneral Tomoyuki Yamasita, ang tinatawag na "Tigre ng Malai" at mangdirigma ng Nipon na nagpasuko sa Singapor, ay siya ngayong bagong ktt. pinuno ng Hukbongkatihan sa Pilipinas.

Si Bise-Almirante Densiti Okawauti na nagkaroon ng kabantugan sa mga labanan sa Sanghay ay siya namang bagong puno ng Hukbongdagat sa purok na ito ng digmaan.

"Naparito ako upang lumaban", ang unang bati ni Heneral Yamasita sa mga mamamahayag nang dumating siya nang linggong nagdaan na sakay ng isang aeroplano.

Nagpamalas ang mabunying Heneral ng paggiliw sa mga pilipino at sinabing nasa kanila ang kanyang "taimtim na pagtingin", sapagka't "ipinasiya ng Amerika na ang Pilipinas ay maging larangan ng digma at iumang ang bayan sa mga kapanganiban, samantalang ang Pilipinas ay babago pang nagsasarili."

Sa ganang kanya, ang mga pilipino ay "para ko ring mga kababayan" at napansin niyang ang kagandahan ng kalikasan sa lupaing ito ay may malaking pagkakatulad sa mga katutubong kariktan ng Hapon.

Sa mga unang araw ng digmaan sa Pasipiko noong 1942 ay madaling napasuko ni Heneral Yamasita ang kuta ng Singapor na ipinagmamalaki ng Bretanya. Ang bagong Ktt. Puno ng Hukbongkatihan ng Hapon ay nagpahayag ng pagasa sa mabisang pagtatanggol sa Leyte at sa ibang bahagi ng Pilipinas.

Nabatid din na si Teniente Heneral Yasutugi Tominaga ay siyang pinuno ng lakas sa himpapawid ng Hukbongkatihan ng Hapon sa Pilipinas.

## IPINADAKIP NI GUINTO SI EDITOR FAROLAN NITONG "REPUBLIC"

Si Modesto Farolan, editor at tagapangasiwa ng *Republic*, ay ipinadakip ni Gobernador Militar Leon G. Guinto dahil sa editorial sa huling bilang ng tinurang lingguhan na may pamagat na "Manila's Food Situation" (Ang Kalagayan ng Pagkain sa Maynila).

Sa nabanggit na editorial ay binibigyang sala ang pamahalaan ng Maynila sa kasalukuyang taggutom na dinaranas ng isang angaw at kalahating mamamayan sa pangulonglungsod ng bansa.

Si G. Farolan ay dinakip ng dalawang tiktik ng BI sa kanyang tanggapan sa Jai Alai noong Martes ng hapon, at siya'y inihatid sa tanggapan ng Gobernador Militar sa City Hall. Hindi siya iginapos ni "binembang" nguni't hinagupit ng mahahayap na pangungusap at mariing inalimura ni Gobernador Militar Guinto. Pagkaraan ng mahigit na isang oras ay pinahintulutan nang makauwi ang editor ng *Republic*.

. Sa isang pulong sa Bagumbuhay na pinagsalitaan ni Alkalde Guinto nang hapon ding yaon ay kanyang tinuligsa si Editor Farolan at ang *Republic*. "Si G. Farolan ay naging gobernador sa Ilokos Norte at isang linggo lamang ay hindi na malaman kung susuling sa kaliwa o sa kanan, kaya karakarakang nagbalik sa Maynila. At ngayon ay siya ang ating kritiko. Ipinadakip ko ang magaling na periodistang ito at yamang ngayon ay walang *habeas corpus* ay matitikman niya ang tindi sa tindi."

Nang tanungin ukol sa pagka-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

## HIRAMING KABAONG NA INIHANDA UKOL SA MGA MARALITA SA TUNDO

May sarisaring kuento ukol sa mga taong naghanda ng sariling kabaong bago mamatay.

Noong araw, ang lalong dukha ay nakatitiyak na magkakapantay ang kanyang mga paa sa loob ng isang kabaong. Ngayon ay hindi na, sapagkat kung paanong magugol ang mabuhay ay gayon din ang mamatay. Ang gastos lamang sa isang karitelang gagamitin sa paglilibing ngayon ay higit pa sa buong gugol sa puneraria, transportasion, mga korona at lupang pagbabaunan sa dating panahon.

Ang isang mahirap na malagot sa mga araw na ito ay iniaalkila na lamang ng kabaong, ₱300 hanggang ₱500, at pagdating sa libingan ay inaalis sa ataul, at ibinabaon nang nakabalot ng lumang banig o sako. Ang kabaong ay binabawi ng puneraria.

Pagtugon sa ganitong kagipitan, ang nayong Sunog-Apog sa Bagumbuhay ay nagpahanda ng dalawang kabaong, isang pangmatan-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)